Pilipinas

TUNGGALIAN, PROSESONG PANGKAPAYAPAAN AT TRANSITIONAL JUSTICE

Asia Justice and Rights and Alternative Law Groups, Inc.

ajar
asia justice and rights

Transitional Justice
ASIA NETWORK

ALG

Pilipinas: Salungatan, Prosesong Pangkapayapaan at Transitional Justice

Asia Justice and Rights and Alternative Law Groups, Inc.

Edition

Unang Edisyon, Disyembre 2017

Design

Satoejari

Tungkol sa Asia Justice and Rights

Ang Asia Justice and Rights (AJAR) ay isang non-profit organisation na naka-base sa Jakarta, Indonesia, at nagtatrabaho upang palakasin ang pananagutan at paggalang sa mga karapatang pantao sa rehiyon ng Asya-Pacifico. Nakatuon ang pokus ng AJAR sa mga bansa na nagtatangkang bumuo ng isang matatag na baseng demokratiko kasunod ng matagal na pag-aaway, diktadurya at mga awtoritaryang rehimen. Naniniwala ang AJAR na ang kapayapaan at demokrasya ay maaari lamang mapangalagaan kapag ang impunity, katiwalian at paglabag sa karapatang pantao ay tinutugunan. Hinahangad ng AJAR na mabigyang kapangyarihan ang mga nagtatrabaho upang wakasan ang mga paglabag sa karapatang pantao at impunity sa pamamagitan ng pagdagdag ng kanilang kasanayan, kaalaman at mga mapagkukunan na kailangan nila upang maging matagumpay. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang http://asia-ajar.org/.

Tungkol sa Alternative Law Groups, Inc.

Ang Alternative Law Groups, Inc. (ALG) ay isang koalisyon ng 23 na NGOs na may legal na programa at sumusunod sa mga prinsipyo at halaga ng alternative o developmental law sa Pilipinas. Ang mga organisasyong ito ay may mga programa para sa pag-unlad ng tulong-legal na pangunahing nakatutok sa pagtugis ng pampublikong interes, paggalang sa mga karapatang pantao, at pagsulong ng katarungang panlipunan. Sa gitna ng developmental law ay ang magkakambal na trabaho na pagbibigay-kapangyarihan sa mahihirap at marginalized, at nagpapatupad ng mga reporma sa sistema ng hustisya. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang http://www.alternativelawgroups.ph/.

Tungkol sa Transitional Justice Asia Network (TJAN)

Ang Transitional Justice Asia Network (TJAN) ay nagbibigay ng pag-aaral at pagbubuo ng kaalaman patungkol sa Transitional Justice at pananagutan sa buong rehiyon.

Mga Litrato sa Cover

Pangharap na cover (mula kaliwa papunang kanan)

1. Si Senador Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. (sa kaliwa), ang chair ng Senate Committee on Local Government, habang kinakausap ang Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP) Secretary Teresita Quintos-Deles (sa kanan) at ang Bangsamoro chairman Mohagher Iqbal (sa gitna) bago ang simula ng briefing session sa panukalang Bangsamoro Basic Law (BBL) noong Setyembre 23, 2014 (Photo credit: Albert Calvelo/Senate of the Philippines' Public Relation and Information Bureau).
2. Daan-daang mga Lumad, isang grupo ng mga katutubo sa katimugang Pilipinas, ay nag-rally sa Camp Aguinaldo at Camp Crame noong Nobyembre, 2015 para iprotesta ang pagpatay sa mga Lumads at ng militarisasyon ng Mindanao. (Photo credit: Joel Liporada/Rappler).
3. Mga kababaihan na kasama sa Training on Women's Leadership and Political Participation in the Bangsamoro, bilang bahagi ng proyekto na suportahan ang prosesong pangkapayapaan sa Mindanao (Photo credit: WeACT 1325).

Panglikod na cover

Ang ALG, sa pakikipagtulungan sa Transitional Justice Asia Network, ay inilunsad ang "Orientation Workshop on Transitional Justice" noong ika-25 hanggang 26 ng Hulyo, 2017 sa Brentwood Suites sa Quezon City (Photo credit: ALG).

Pagkatapos mapatalsik ang diktador na si Ferdinand Marcos sa pamamagitan ng "People Power" noong Pebero 1986, nagkaroon ng ilang mga inisyatiba upang pagtuunan ng pansin ang mga karahasan at kawalang-katarungan ng administrasyong Marcos (lalo na sa panahon ng Martial Law). Ngunit sa kabila ng popular na suporta ng mga taumbayan, nabigong lutasin ng mga inisyatibang transitional justice ang mga pangunahing institusyunal na balakid sa hustisya. Makalipas ang tatlong dekada, karamihan sa mga biktima ng Martial Law ay naghihintay pa rin ng hustisya, ang mayoriya ng populasyon ay nahaharap pa rin sa mga matatagal nang mga pang-ekonomiya at panglipunang problema, at ang malaking bahagi ng bansa (lalo na sa Mindanao) ay nananatiling mga conflict areas o mga lugar ng kaguluhan.

Ang armadong pakikibaka sa bansa laban sa Kilusang Komunista at ng Bangsamoro ay nakaugat sa madilim na panahon ng diktaduryang Marcos at panahon ng Martial Law. Sa mga panahong ito naitanim ang malawakang katiwalian at naging sistematiko ang mga maling pagpapatakbo sa mga institusyon, at yun pa rin ang naging pamamalakad hanggang sa ngayon. Ang kilusang People Power, na siyang nagpatalsik sa diktaduryang Marcos, ay nagpalagpas ng isang oportunidad upang malawakang repormahin ang mga institusyon at mga batas dahil na rin sa labis na oposisyon mula sa mga lokal na pamilyang "elite."

Bilang resulta ng Martial Law, nagkaroon tayo ng iba't-ibang mga inisyatiba sa pagkamit ng mga adhikain ng transitional justice, bagaman magkahalong mga resulta ang kanilang naidulot. Kasama na dito ang reporma sa panghukuman, pagtatatayo ng mga truth commission, pagbayad ng kompensasyon sa mga biktima ng pang-aabuso sa karapatang pantao, pagpapatupad ng repormang agraryo, atbp. Ang prosesong pangkapayapaan ang nasa puso ng mga inisyatiba sa transitional justice, partikular na diyan ang usapang pangkapayapaan sa mga grupong Komunista at Bangsamoro.

Mga Inisyatiba sa Transitional Justice

Nakagawa si Pangulong Corazon Aquino ng mga mahahalagang hakbang sa pagpapanumbalik ng kumpiyansa at tiwala ng mga mamamayan sa gobyerno sa pamamagitan ng pangunguna sa pag-ratipika ng 1987 na Saligang-Batas (Constitution) na siyang nagtakda, bukod sa maraming ibat-ibang mga bagay, ng pagbabawal sa paggamit ng tortyur at mga sekretong kulungan, at siya ring nagtatag ng Commission on Human Rights. Alinsunod sa utos ng Saligang-Batas para sa katarungang panlipunan, ipinatupad ng Kongreso ang ilang mga progresibong mga batas, katulad ng "Comprehensive Agrarian Reform Law" o CARP (Republic Act No. 6657), na siyang ginawa upang itama ang mga kawalan ng katarungan (injustice) sa nakaraan. Bagama't ang Pilipinas ay pumirma sa halos lahat ng mga pangunahing internasyunal na tratado at kumbensyon sa karapatang pantao, ang pagpapatupad naman ng mga batas at mga patakaran nito ang naging paksa ng maraming batikos at kritisismo.

Ang isa sa mga unang opisyal na ginawa ni Corazon Aquino ay ang lumikha ng Presidential Commission on Good Government (PCGG) noong 1986, na may gawain na bawiin ang ill-gotten wealth ng pamilya Marcos at kanilang mga kasosyo, at ang pagsisiyasat ng mga kasong graft at corruption. Subali't hanggang sa ngayon, ang PCGG ay hindi pa makumpleto ang kaniyang mga gawain.

Noong 1986, itinatag ni Corazon Aquino ang isang truth commission – ang Presidential Committee on Human Rights (PCHR) – na siyang nag-imbestiga ng mga pang-aabuso mula 1972 o sa simula ng Martial Law. Ngunit dahil nilikha ito ng walang kawani o pondo, ang komisyon ay mabilis na nasindak sa dami ng mga kaso ng paglabag na kailangan niyang idokumento. At dahil na rin sa ilang beses ng coup d état laban kay Pangulong Aquino, hindi na nausig (prosecute) ang mga nagkasala. At ang popular na suporta para sa pag-usig ay naging limitado rin dahil sa simpatiya ng taumbayan sa mga opisyal ng military na lumaban kay

Marcos sa mga huling sandali ng kaniyang pamamahala.

Noong Hulyo 2010, itinatag ni Pangulong Benigno Aquino (anak ni Corazon) ang Philippine Truth Commission (PTC), na itinalaga upang siyasatin ang mga paratang ng graft and corruption sa nakaraang administrasyon (ni Gloria Macapagal-Arroyo). Sa kasamaang palad, ang buhay ng komisyon ay biglaang natapos bago pa man makapagsimula ito ng mga tungkulin niya dahil idineklara ng Korte Suprema na ang Presidential Order na lumikha nito ay labag sa Saligang-Batas (unconstitutional).

Ang mas matagumpay na inisyatiba ay ang Human Rights Victims Claims Board, na itinatag sa pamamagitan ng Republic Act No. 10368, para sa pagkilala at pagbayad-pinsala (indemnification) ng mga biktima sa panahon ng Martial Law. Inutusan din ng batas na ito ang pagtatag ng isang museo bilang parangal sa memorya ng mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng rehimeng Marcos. Ang mga aplikasyon para sa reparasyon ay kasalukuyan nang sinusuri, at pinoproseso na ng board ang unang pabayad sa mga reparasyon.

Mula 1986 hanggang sa kasalukuyan, ang mga programa ng repormang panghukuman ay itinatag na may layuning matugunan ang mga hamon ng pagpapanumbalik ng pampublikong tiwala sa sistema ng hustisya, sa pagpapatupad ng judicial independence sa loob ng isang tradisyonal at sentralisadong sistema ng pangangasiwa, at tiyakin ang patuloy na pagpapaunlad at pag-institutionalize ng kakayahan para sa patuloy na reporma.

Ang papel ng civil society

Ang pagpapatibay ng 1987 na Saligang-Batas ang nagbigay-daan sa isang bagong demokratikong puwang, lalo na sa unang dekada pagkatapos ng People Power Revolution, at nagresulta sa pagdami ng mga civil society organizations (CSOs). Ang Saligang-Batas ay naglalaman ng mga probisyon na kumikilala sa mahalagang papel ng mga CSOs sa lipunang Pilipino.

Mula 1986 hanggang ngayon, ang mga CSOs, lalo na ang mga NGOs (Non-Government Organizations) at POs (People's Organizations), ay naging aktibo sa pag-organisa ng mga komunidad, pagbigay ng mga pagsasanay, pagpapataas ng kamalayan at kamulatan, at adbokasiya para sa repormang demokratiko at lehislatibo. Maraming CSOs ang aktibong nagtulak para sa pagpapatuloy ng mga usapang pangkapayapaan, hinihimok ang gobyerno at iba pang mga panel upang magpatuloy ng usapang pangkapayapaan sa kabila ng mga pansamantalang pagkakaantala. Ang mga organisadong grupo ng mga biktima at kanilang mga pamilya ang nanguna sa adbokasiya para sa paglikha ng Human Rights Victims Claims Board, at nanatiling aktibo sa kilusan ng karapatang pangtao sa bansa.

Prosesong pangkapayapaan sa Partido Komunista

Ang Pilipinas ang lugar ng pinakamahabang insurhensiya ng kilusang komunista sa buong Asya, na umangkin na ng hindi bababa sa 30,000 na buhay sa huling limang dekada. Matapos ang mga nabigong pagtatangka sa mga usapang pangkapayapaan sa ilalim ng limang dating presidente, muling pinagtibay ngayon ni Pangulong Rodrigo Duterte ang negosasyong pangkapayapaan. Ang Communist Party of the Philippines o CCP ay naglalayong ibagsak ang pambansang pamahalaan sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at pagtatag ng isang panibagong demokratikong estado na pinamumunuan ng uring manggagawa, at malaya sa impluwensya ng Estados Unidos. Ang CPP ay may armadong yunit, ang New People's Army (NPA) na itinatag noong 1969, at isang pampulitikang yunit, ang National Democratic Front of the Philippines (NDF). Ang NDF ang umbrella organization ng mga organisasyong pinapatakbo ng komunista, at kumakatawan ito sa CPP-NPA sa mga negosasyon sa gobyerno ng Pilipinas.

Pinakamalakas ang CPP sa panahon ng mapanupil na rehimeng Marcos, ngunit

mula noon, dahil sa mga operasyong counter-insurgency ng pamahalaan, kasama na ang isang internal split[1] o paghahati, lubhang bumaba ang bilang ng kanilang mga miyembro. Ngayon, ang organisasyon ay nananatiling pinakaaktibo na lamang sa mga bulubunduking lugar at mga napapabayaang mga rehiyon sa bansa. Maraming mga sibilyan ang naipit sa gitna ng labanan sa pagitan ng mga pwersa ng estado at ng mga komunistang rebelde at kanilang mga taga-suporta. Kahit na ang mga organisadong grupo ng mga mamamayan ay hindi naligtas, dahil ang ilang mga lehitimong CSOs ang naging target ng hinala at pagkilos ng gobyerno – dahil pinaghihinalaan silang mga grupong sumusuporta, mga simpatista, o mga legal front para sa partido komunista.

Sa paglipas ng mga taon, ang gobyerno at ang kilusang Komunista (CPP-NPA-NDF) ay gumawa ng mga panel upang kumatawan sa kanila sa mga usapang pangkapayapaan. Gayunpaman, patuloy na napuputol ang prosesong pangkapayapaan dahil sa mga kontrobersyal na isyu, katulad ng soberaniya, pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal, at pagsasama ng CPP sa listahan ng mga terorista.

Sa ngayon, bagamat mahigit 1,300 na detenidong pulitikal ang pinalaya na ng gobyerno at 20 na mga kasunduan ang nalagdaan, wala pa ring naabot na pinal na kasunduang pangkapayapaan. Karamihan ng paglagda sa mga kasunduan ay ginaganap sa mga banyagang lugar katulad ng Netherlands, Norway at Malaysia. Apat sa mga kasunduan ang nilagdaan sa panahon ng Exploratory Talks (1992-1995), samantalang ang 16 ay nilagdaan sa panahon ng Formal Peace Negotiations (1995-2011).[2] Sa tuwing ang negosasyong pangkapayapaan ay bumabagal o humihinto, ang civil society ay may mahalagang papel sa pagtulak upang maituloy ito.

1 G. Sidney Silliman, Lela Garner Noble. Organizing for Democracy: NGOs, Civil Society, and the Philippine State. University of Hawaii Press.1998.

2 https://peacetalkphilippines.wordpress.com/peace-tables/cpp-npa-ndf/

Usapang pangkapayapaan sa Mindanao sa MNLF/MILF

Ang Mindanao ang ikalawang pinakamalaking isla ng Pilipinas at sagana sa likas na yaman, at tinaguriang "Land of Promise." Ngunit ang katimugang islang ito ay matagal nang napapabayaan at binabalewala ng gobyerno. Ang rehiyon na ito ang may pinakamataas na antas ng namamatay ng mga sanggol, at pinakamababang antas ng literacy (dunong sa pagbasa at pagsulat) sa buong bansa, at nandito rin ang anim sa sampung pinakamahihirap na lalawigan sa buong Pilipinas[3]. Ang Mindanao ang sentro ng kaguluhan sa pagitan ng populasyon nito ng mga katutubong Muslim na kilala bilang "Moro" (mula sa Espanyol na salita para sa "Moor") at ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na nakikibahagi sa armadong tunggalian mula pa noong 1972.

Ang Moro National Liberation Front (MNLF) ay nabuo noong 1969 upang labanan ang pagtaas ng diskriminasyon at pagpapabaya sa kanilang lugar (marginalization). Pagkalipas ng tatlong taon, inilunsad ng MNLF ang isang armadong pakikipaglaban upang itatag ang Bangsamoro (Muslim Nation) sa loob ng mga lalawigan ng teritoryo at mga rehiyon ng Mindanao, Sulu at Palawan. Sa kalaunan, ang MNLF ay nagkawatak-watak, at ang iba ay sumama sa Moro Islamic Liberation Front (MILF) na patuloy pa ring nakikipaglaban kahit na ang MNLF at ang pamahalaan ay pumirma na ng isang komprehensibong kasunduan sa kapayapaan sa taong 1996.[4]

Ang mga opisyal na inisyatiba upang lumikha ng kapayapaan at reporma ay

3 Vitug, Marites D. and Glenda M. Gloria. 2000. Under the Crescent Moon: Rebellion in Mindanao. Philippines: Ateneo Center for Social Policy and Public Affairs and the Institute for Popular Democracy.

4 Ang mga kasunduan na kasing kamakailan lang sa Hunyo 2015 ay tumulong buhayin muli ang International Monitoring Team at ang Ad Hoc Joint Action Group, at ang isang Task Force para sa mga Decommissioned Combatants at ang kanilang mga komunidad ay na-negotiate upang maipagpatuloy ang paghahabol tungo sa kapayapaan.

umabot sa apat na dekada, simula pa sa panahon ni Marcos, hanggang sa kasalukuyang panahon:

Negosasyon ng MNLF sa Panahon ni Marcos: Sa panahon ng rehimeng Marcos, ang negosasyong pangkapayapaan ay nagresulta sa Tripoli Agreement noong 1976.[5] Ang gobyerno ay nagsimula ng ilang mga hakbang upang maipatupad ang isang antas ng awtonomiya sa mga Moro[6], ngunit ito ay hindi naging katanggap-tanggap sa maraming Moro, kung kaya't ito ang naging mitsa sa pagbagsak ng kasunduan, at ang pag-alis ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa usapang pangkapayapaan noong 1984. Gayunpaman, ang Tripoli Peace Agreement at ang mga prinsipyo na itinatag nito ay patuloy pa ring tinitingnan bilang isang napakahalagang sanggunian sa lahat ng mga sumunod na prosesong pangkapayapaan.

Mga Proseso ni Aquino sa MNLF: Si Pangulong Corazon Aquino, na pumalit kay Marcos mula 1986-1992, ay nagpatuloy sa pakikipag-usap sa MNLF. Ang mga pagsisikap nila ay nagresulta sa pagpipirma ng Jeddah Accord noong 1987. Ito ay isang pagtatangka upang higit pang matalakay ang isang demokratikong proseso para sa Mindanao. Ang mekanismong ito ay pinagtitibay ng 1987 na Saligang-Batas, at bahagi siya ng demokratikong pagsasaayos pagkatapos ng rehimeng Marcos. Ito ay naglaan ng isang Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM), kasunod ng isang plebisito[7]. Tinanggihan ng MNLF ang Organic Act at ang ARMM, at ang negosasyon ay nahinto hanggang taong 1992.

Proseso ng Administrasyong Ramos sa MNLF: Noong 1992, ang pagkapangulo ni Fidel Ramos ay humantong sa isang pagpapalit ng mga prayoridad ng gobyerno, at muling nagpatuloy ang negosasyong pangkapayapaan. Pagkalipas ng apat na taon ng pansamantalang tigil-putukan (ceasefire) at mga pag-uusap, nilagdaan ng MNLF sa taong 1996 ang Final Agreement on the Implementation of the 1976 Tripoli Agreement. Ang 1996 na kasunduang ito ang nagsimula ng tatlong taon na transition period upang maisama ang mga kombatanteng MNLF sa Armed Forces of the Philippines, at magpatupad ng mga masinsinang sosyo-ekonomikong rehabilitasyon para sa rehiyon. Ang ikalawang yugto ay ang pag-devolve ng mga kapangyarihan at ang pagpapawalang-bisa ng Organic Act (RA 6734)[8]. Habang nasiyahan ang MNLF dito, patuloy pa rin ang armadong paglaban ng MILF, na nagpatibay ng kanilang pangako bilang isang self-determining na teritoryo ng Bangsamoro.

Lokal na Yugto sa Proseso ng MILF: Kasunod ng kasunduan ng 1996, nagsimula ang isang prosesong pangkapayapaan na tinawag na Domestic Stage, na may mga lokal na aktor sa mga usapang pangkapayapaan na tumutok sa pagtatatag at pagpapanatili ng tigil-putukan, at paglikha ng mas angkop na sitwasyon para sa pag-unlad sa pamamagitan ng higit pa pormal na talakayan. Noong 2000, sa ilalim ng pagkapangulo ni Joseph Estrada, nahatak ang internasyunal na komunidad sa kasunduang Agreement on the General Framework for the Resumption of Peace Talks, na siyang nagsimula ng Diplomatic Stage ng usapang pangkapayapaan.

Proseso ng Diplomatikong Yugto sa MILF: Ang karamihan ng mga kasunduan ng MILF-GRP ay lumitaw sa yugtong ito, kabilang na ang kontrobersyal na Memorandum of Agreement on Ancestral Domain Aspect (MOA-AD) ng Kasunduan

5 Ang pormal na pangalan ng Tripoli Agreement ay "Agreement between the Government of the Republic of the Philippines and the Moro National Liberation Front with the Participation of the Quadripartite Ministerial Commission Members of the Islamic Conference and the Secretary General of the Organization of Islamic Conference."

6 Sa Ikatlong Seksyon, ang Probisyon No. 16 ay nagsasabing, "Ang Pamahalaan ng Pilipinas ay gagawa ng lahat ng mga kinakailangang konstitusyonal na proseso para sa pagpapatupad ng buong Kasunduan." Nagbigay si Pangulong Marcos ng Presidential Decree No. 1618 noong Hulyo 1979, upang ipatupad ang awtonomiya ng Mga Rehiyon IX at XII.

7 Artikulo X, Seksiyon 15-21 ng Saligang Batas ng 1987 ay nagtatag ng mga rehiyonal na paghihigpit, na pinalalakas ng RA 6734, noong Agosto, 1989.

8 Habang nililikha ang Bangsamoro, bubuwagin ng BBL (Bangsamoro Basic Law) ang ARMM (Autonomous Region in Muslim Mindanao). Ang RA 6734 ay ang Batas na lumikha ng ARMM.

ng GRP-MILF Tripoli Agreement of Peace ng 2001, sa ilalim ng administrasyon ni Gloria Macapagal-Arroyo. Ang MOA-AD ay tiningnan ng marami bilang pinakamalakas na solusyon sa sariling-pagpapasiya (self-determination) ng Moro, ngunit ang isang desisyon ng Korte Suprema sa 2008[9]ay nagsabing ang kasunduang ito ay labag sa Saligang-Batas, at muling tumigil ang prosesong pangkapayapaan. Sa ilalim ng pagkapangulo ni Benigno Aquino, muling ipinagpatuloy ang mga negosasyon, at nalikha ang Framework Agreement on the Bangsamoro (FAB). Ang kasunduang ito ang ipapalit sa modelo ng ARMM bilang isang nagsasariling rehiyong Bangsamoro, at may mga kasunduang napirmahan kamakailan lamang bilang pagpapatuloy ng 2015[10] na kasunduan. Sa kasamaang palad, ang enabling law na dapat kumatawan at magpapatupad ng FAB ay hindi ipinasa ng nakaraang Kongreso bago natapos ang termino ni Aquino sa 2016. Sinisikap ngayong magsumite ng panibagong bersyon ng batas para ipasa ng kasalukuyang Kongreso.

Ang Transitional Justice and Reconciliation Commission (TJRC)

Ang isang annex sa FAB ay naglaan ng pagtatag ng Transitional Justice and Reconciliation Commission (TJRC) na may tatlong kinatawan: isang internasyunal na Chair, at mga kinatawan ng gobyerno at MILF. Ang komisyon ay magsasagawa ng isang pag-aaral at magre-rekomenda sa mga Panels ng mga angkop na mga mekanismo para sa transitional justice at reconciliation na sumasaklaw sa apat na importanteng isyu: mga lehitimong karaingan ng Bangsamoro, ang makasaysayang kawalan ng katarungan (historical injustice), mga paglabag sa karapatang-pangtao, at pagsasantabi (marginalization) sa pamamagitan ng pag-angkin ng kanilang lupa (land dispossession).

Matapos mailunsad ito noong 2014, ang TJRC ay nagsimula ng isang malawakang proseso ng konsultasyon, at ang iba pang mga gawain at mandato nito. Isang "listening process" ang ginawa sa iba't-ibang mga komunidad, kasama na ang mga grupo ng mga dalubhasa, at mga panayam sa mga key informants, na umabot sa 4,000-katao ang nakasama sa pambansang antas at sa Mindanao. Opisyal na ibinigay ng TJRC ang kaniyang Final Report sa Kuala Lumpur noong Pebrero 2016, at ang ulat ng TJRC ay inilunsad sa publiko pagkalipas ng dalawang buwan sa Maynila at sa Cotabato.

Ang ulat ay nagpapaliwanag tungkol sa apat na isyu na iniutos sa kaniyang suriin, at kabilang na rin ang kanilang mga sanhi o ugat. Inirerekomenda ng ulat ang pagtatag ng isang transitional justice and reconciliation entity para sa Bangsamoro, at nagbigay rin ng mahigit sa 90 na mga rekomendasyon para ipatupad ng gobyerno, ng mga CSOs, mga relihiyoso, at iba pang mga stakeholders sa komunidad. Ipinamahagi ng Opisina ng Pangulo ang ulat sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno. Gayunpaman, dahil sa pagpalit ng panibagong administrasyon ay pansamantalang tumigil ang pagpapatupad nito, at ang mga rekomendasyon sa ulat ay kasalukuyang pinag-aaralan pa rin ngayon ng administrasyong Duterte.

Ang papel ng Sambayanan/Civil Society sa Mindanao

Ang mga CSOs sa Mindanao ay may iba't-ibang tungkulin sa prosesong pangkapayapaan, kabilang na ang proteksyon ng mga sibilyan, pagsubaybay sa tigil-putukan, edukasyon sa kapayapaan, policy advocacy, pagpapalakas ng kapasidad para sa mabuting pamamahala, paghahatid ng

9 Ruling ng Korte Suprema G.R. 183591 (The Province of North Cotabato vs. The Government of the Republic of the Philippines Peace Panel on Ancestral Domain)

10 Ito ay isa sa ilang mga proseso na pinamumunuan ng isang babaeng negosyador para sa panig ng pamahalaan, kasama si Propesor Miriam Coronel-Ferrer na tumatayo bilang Chair ng Peace Panel mula taong 2012. Ang implementation phase ng prosesong pangkapayapaan ay nakatakdang tapusin sa pamamagitan ng isang Exit Document na pinagkasunduan ng parehong Partido.

serbisyo, at rehabilitasyon ng mga apektadong lugar. May mahalagang tungkulin rin sila na may direktang kaugnayan sa prosesong pangkapayapaan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng adbokasiya at trainings para sa mabuting pamamahala, suporta para sa paggawa ng maayos na mga patakaran at batas, pagsisikap sa pag-unlad (development efforts), at pagtataguyod ng demokrasya. Sa ilang pagkakataon, ang mga CSOs ay naging tulay o "diplomatic go-betweens" para sa mga partidong kasama sa negosasyon. Ang lahat ng mga pagsisikap na ito ay nakatutok sa paglikha ng isang positibong kapaligiran o environment para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan.

Mga hamon at aralin (lessons)

Mga aral na natutunan mula sa pambansang mga hakbangin at pakikipag-usap sa mga komunistang rebelde

Ang malaking hamon ay ang panagutin ang gobyerno sa malalaking kawalang-katarungan (injustices) - ang mga EJKs o extra-judicial killings (na karaniwang tinatawag na "salvaging"), tortyur, pagkawala, panggagahasa, pagdukot, arbitrary detention, pagdamay sa mga sibilyan bilang collateral damage, atbp. – na nangyari mula sa panahon ni Marcos at nagpatuloy pa sa loob ng huling nakaraang 30 taon, sa patuloy na armadong tunggalian at kampanya ng pamahalaan na wakasan ang communist insurgency.

Sa simula ng kanyang kampanya, ipinrisinta ni Pangulong Duterte ang kanyang sarili bilang isang "sosyalista" at ang kauna-unahang "Maka-Kaliwang" Pangulo, na nagpapahiwatig ng kanyang interes upang matugunan ang mga sanhi ng ugat ng armadong tunggalian. Itinalaga pa niya ang ilang mga kilalang maka-kaliwang personalidad sa kanyang gabinete. Nagbigay ang CPP ng isang patakaran ng pakikipag-alyansa sa administrasyon, ngunit sa panahon ring iyon, alam na alam pa rin nila na ang mga pangunahing posisyon ng pamahalaan ay nananatili sa kamay ng mga maka-kanang personalidad, katulad ng mga retiradong heneral. Ang mga patakarang pang-ekonomya ni Duterte ay nananatiling nakatuon sa pag-akit sa mga dayuhang mamumuhunan at nagpapahintulot sa mga dayuhang korporasyon na magkaroon at magpatakbo ng malalaking negosyo sa bansa. Habang tinatamasa pa rin ng pangulo ang popular na suporta ng taumbayan, marami na rin ang nababahala sa kanilang lumalalang kalagayang socio-ekonomiko. Ang magkakaibang pag-iisip at paniniwala sa loob ng gabinete ay humantong sa mga internal squabbles at mga magkatunggaling polisiya.

Kapag ang negosasyon sa CPP-NPA-NDF ay huminto o kapag nahihirapan ang mga usapang pangkapayapaan, ang iba pang mga partido, katulad ng mga CSO at kahit mga banyagang pamahalaan, ang pumipilit sa magkabilang panig upang ipagpatuloy ang mga negosasyong pangkapayapaan.

Habang ang karamihan ng ma bansa sa Asya ay ipinapagpalit na ang komunismo para sa kapitalismo, patuloy pa ring nananatili ang komunismo sa Pilipinas. Ang isang dahilan para sa kaniyang pagpapatuloy ay ang pagtaas ng insidente ng kahirapan at kawalang hustisya sa lipunan, habang ang mga panginoong may-lupa naman ay naghahanap ng mga paraan para makaiwas sa pagpapatupad ng repormang agraryo. Ang mga counter-insurgency efforts ng gobyerno ay binabatikos dahil sa kanilang brutalidad at katiwalian. Ang ilang mga tao ay naniniwala na para sa isang seksyon ng military, sa tingin nila ay hindi alinsunod sa pinakamahusay na interes ng military upang ganap na talunin ang mga insurhensiya dahil binibigyan sila nito ng magagawa, at kasama na rin diyan ang pinansiyal na pakinabang. Ang pinakamainam pa rin na lunas sa mga insurhensiya ay mabuting pamamahala (good governance). Tandaan natin na sa panahon ng rehimeng Marcos naging pinakamalakas ang kilusang komunista.

Ngunit isang mahalagang aral ang dapat matutunan ng gobyerno at ng kilusang Kaliwa: na ang kapayapaan ay kailangang patuloy na pagtuunan ng pansin, at ang karahasan ay hindi kailanman sagot. Ang

pamahalaan ay dapat tumingin sa mga dahilang pampulitika, panlipunan, at pang-ekonomiya upang mawalan ng tiwala ang mga tao sa gobyerno, at kumilos upang harapin ang mga ito, at itigil na ang sisihan at paghahanap ng kapalpakan sa isa't-isa.

Mga aral mula sa prosesong pangkapayapaan sa Bangsamoro

Ang makahulugang Transitional Justice ay dapat manggaling sa isang inclusive na proseso na kinasasangkutan ng lahat ng mga apektadong komunidad, mga relevant na stakeholders, at ng mas malawak na lipunan pagkatapos ng labanan (post-conflict society). Kailangan nating magamit at balansehin ang mga nakaraang karanasan sa pagharap sa nakaraan (dealing with the past), ang mga natutunan nating mga aral, ang mga lokal na pangangailangan at mga inaasahan/inaasam. Pagkatapos lang nito (na ang mga emosyonal na enerhiya na nakapalibot sa mga isyu ng hustisya at rekonsilyasyon) ay maaari na nating masimulan ang mga konstruktibong pakikipag-ugnayan. Ang pagtatasa at rekomendasyon na nagmumula sa ulat ng TJRC ay maaaring maging isang magandang batayan para sa pakikipag-ugnayan.

Maraming mga grupo ang nagdusa sa mahabang panahon ng karahasan, kabilang na ang pagpapaalis (displacement), pagbomba, pamamaril, pagnanakaw ng lupa, kahirapan at diskriminasyon, panggagahasa, pagkasira ng mga ari-arian, pagpatay at masaker, pagkawala, paghihiganti, at marginalization dulot ng kaguluhan sa Mindanao. Kabilang dito ay hindi lamang ang mga Moro, kundi pati na rin ang mga katutubo (mga Muslim at hindi Muslim), ang mga Kristyanong nanirahan sa lugar (settlers), ang kanilang mga pamilya at komunidad, ang kanilang mga pangkat at mga grupo, ang mga grupong rebelde, ang mga grupong armadong para-militar, at mga security forces ng estado. Paano makatutulong ang isang proseso ng transitional justice sa pagbigay ng hustisya mula sa iba't-ibang pagbabasa at pagpapakahulugan sa nakaraan na katumbas sa damdamin at sakit na nadarama ng bawat grupo? Paano maaayos ng ganitong proseso ang mga nakaraang kawalang katarungan at harapin ang kanilang mga damdamin ng kawalan ng tiwala, pagkakanulo, pag-abanduna at paghihinala? Ang disenyo at pagpapatupad ng naturang mga proseso ay dapat na isinasaalang-alang ang makasaysayang kawalan ng katarungan at marginalization, pati na rin kung paano mapayapang lutasin ang mga salungatan na nagmumula sa pagkakaiba-iba ng etniko o relihiyon.

Dahil apektado ng tunggalian ang mga kababaihan sa mas malawak na antas, ang mga grupo ng kababaihan, sa pakikipagtulungan sa iba pang mga CSO, mga lider ng relihiyon, at kung minsan, sa suporta ng gobyerno, ay bumuo ng mga network upang tumugon sa karahasan batay sa kasarian (gender-based violence). Gayundin, sa maraming sitwasyon, ang mga negosasyong pangkapayapaan ay sinisimulan ng mga lider ng kababaihan dahil mas katanggap-tanggap para sa lipunan na simulan makipag-ayos ng mga kababaihan (kung ang isang lalaki ay magsisimula ng isang negosasyong pangkapayapaan, siya ay itinuturing na mahina at isang duwag). Pero hindi ibig sabihin nito na ang "patriarchal tendencies" ng rehiyon ay hindi nagpapakita ng maraming mga hamon para sa kanila.

Si Pangulong Duterte ay isang misteriyoso, mahiwaga, at napakasikat na tao, ngunit madalas ay kinokontra din niya ang kaniyang sarili – mula sa pagpakilala sa kaniyang sarili bilang ang unang Maka-Kaliwang Pangulo, hanggang sa pagpapahinto ng mga usapang pangkapayapaan. Ginagamit niya ang mga usapang pangkapayapaan bilang "alas na nakatago sa kaniyang manggas" at nagbanta siyang ibabasura ang mga pag-uusap. Ito ay nag-resulta sa patuloy na pagsimula at paghinto ng prosesong pangkapayapaan.

Panghuli, habang ang mga nakaraang pagsisikap sa kapayapaan ay humantong sa ilang mga mabubuting kasunduan, sila ay hindi gaanong ipinatutupad. Ang isang neutral na ikatlong partido ay kadalasang nakakatulong upang maipatupad ang mga kasunduang pangkapayapaan.

Konklusyon

Ang transitional justice sa Pilipinas ay maituturing na isang hindi kumpletong tagumpay. Ang isang mas kumpletong tagumpay ay makakamit kung ang mga pormal na institusyon (sa tulong ng impluwensiya mula sa civil society o kahit na mula sa mga kampeon natin sa loob ng sistema) ay epektibong nabago upang harapin ang maraming mga panlipunan, pang-ekonomiya, pampulitika/ pamamahala at mga problemang pang-kalikasan na bumabagabag sa ating bansa.

Kapag mangyari yan, makikita natin ang kahalagahan ng pagpapalakas ng mga institusyon para sa transitional justice. Maraming mga nagkasalang partido ang nakaligtas ng pag-uusig dahil ang mga korte, maging ang Korte Suprema mismo, ay bigong makapagbigay ng mabilis at kumprehensibong hustisya. Ang mga makapangyarihan, mayayaman at maimpluwensyang mga pulitiko, militar, pulis at mga opisyal ng pamahalaan, at ang kanilang mga kamag-anak at kasamahan, ay patuloy na kumikilos na may impunity dahil hindi sila napaparusahan. Ang usapang pangkapayapaan ay patuloy na biglaang titigil at magsisimula, na wala tayong maaasahang pagtatapos sa armadong pakikibaka at ang kanilang mga masamang epekto sa bansa.

Marami sa mga grupo ng civil society ngayon ang gumagamit ng lingwahe ng Human Rights sa mga isyu ng mga maralitang tagalunsod, magsasaka, mangingisda, katutubo, kababaihan at mga bata, atbp. Sinimulan na ng kilusang ito ang pakikipag-engage sa lokal na pamahalaan, at ginagamit ang lokal na halalan bilang makabagong arena para sa aksyon at pagbabago sa lipunan. Sa Pilipinas, kailangang wala tayong ilusyon tungkol sa malawakang pagbabago ng pambansang pamahalaan, dahil ito ang leksyon na itinuturo sa atin ng kasaysayan. Ang kilusang People Power ay dapat gamitin upang suriin ang makinarya ng gobyerno, na ang pinapalaganap ay ang free market systems na nagpapalala ng gap o puwang sa pagitan ng mayayaman at mahihirap. Ang natitirang gawain ng People Power sa ngayon ay ang tumingin sa kinabukasan at sikaping baguhin ang sitwasyon ng karamihan ng mga Pilipino, at sa kabilang banda, tumingin din pabalik at sikaping tugunan ang mga historical injustice at mga paglabag sa karapatang pantao para matugunan ang mga nakaraang karaingan.

Ang mga Pilipino ay nabiyayaan ng katatagan at resiliency (mabilis makabangon) sa harap ng mga malalaking pagsubok. Ngunit nabigyan rin tayo ng maikling memorya (na hindi naaalala ang mga natutunan o lessons ng nakaraan), mga maling perspektibo at haka-haka, at isang likas na mapagpatawad na katauhan, at ito ang mga kadahilanan kung bakit paulit-ulit na nangyayari ang mga nakalipas na pang-aabuso at malubhang pagkakamali sa pamamahala.

Sa unang taon pa lang ng pagkapangulo ni Duterte, may tinatayang 6,000 katao na ang napatay sa kanyang anti-illegal drugs war, at ang karamihan sa kanila ay namatay sa halos magkakaparehong sirkumstansya – na binaril ng mga hindi kilalang tao, o namatay sa lehitimong operasyon ng pulisya. Kahit na walang katibayan o isang opisyal na direktiba na galing sa presidente, napakalinaw na ang pangulo mismo ay may kinalaman sa mga naturang pangyayari, at sa maraming mga pagkakataon (at karamihan sa kanila ay mga pampublikong events), itinataguyod niya ang paggamit ng karahasan laban sa mga sindikato ng droga, mga drug addicts at drug pushers. Maliwanag na ang mga nangyayaring ito ay isa pang kaso ng transitional justice. Ang pinakamalaking hamon ngayon para sa Pilipinas ay kung paano ang bansa at gobyerno gagawa ng taimtim, seryoso at makabuluhang mga pagsisikap sa katarungan at kapayapaan at matugunan ang historical injustice at pang-aabuso kung may patuloy na kaso ng transitional justice na kasalukuyang nagaganap sa bansa.

Timeline: Pilipinas

Mga Pambansang Kaganapan at Negosasyon sa mga Komunista

PANAHON	MGA PANGYAYARI
1968	Binuo ng dating estudyanteng aktibistang si Jose Maria "Joma" Sison ang Communist Party of the Philippines (CPP). Ang New People's Army (NPA) ay nabuo bilang kaniyang military yunit sa susunod na taon.
Ika-12 ng Setyembre, 1972	Nagdeklara si Presidente Ferdinand Marcos ng Martial Law. Namuno siya gamit ang bakal na kamao sa susunod na 14 na taon, kung saan ang libu-libong mga tao ay pinatay, tinortyur, o nawala.
Abril 1973	Binuo ang National Democratic Front (NDF) bilang yunit pang-legal at pang-politikal ng CPP-NPA-NDF.
Pebrero 1986	Si Presidente Marcos ay napatalsik sa pamamagitan ng isang malawakan at mapayapang rebolusyon (tinaguriang People Power Revolution), na siyang nagwakas sa 21 taon ng diktaduryang Marcos. Pinalitan siya ni Corazon "Cory" Aquino, na siyang naging presidente hanggang 1992. Sinimulan muli ng administrasyong Aquino ang usapang pangkapayapaan sa CPP.
Pebrero 1987	Ang Saligang-Batas (Philippine Constitution) ay naratipika sa pamamagitan ng isang pambasang plebisito.
1992	Si Presidente Fidel Ramos ay nanungkulan mula 1992 hanggang 1998. Sinimulan niya ang isang programang amnestiya at sinimulan muli ang pagpapatuloy ng prosesong pangkapayapaan sa CPP-NPA-NDF.
1998	Si Joseph Estrada ang naging pangulo mula 1998 hanggang 2001. Sa ilalim ng pagkapangulo ni Estrada, si Vice President Gloria Macapagal-Arroyo ay nag-deklara na kung siya ay maging presidente, babaligtarin niya ang "all-out war" na polisiya ni Estrada at sisimulang muli ang negosasyon sa NDF at MILF.
Ika-20 ng Enero, 2001	Si Vice President Arroyo ay naging presidente pagkatapos ng EDSA 2 Revolution, na siyang nagpatalsik naman kay Estrada. Nang maging presidente na siya, binuo niya muli ang Government of the Republic of the Philippines Negotiating Panel (GRP) para sa pakikipag-negosasyon sa NDF at MILF.
Ika-17 ng Hulyo, 2009	Patuloy na sinuri ng gobyerno ang listahan ng mga "alleged political offenders" (APOs) para mapalaya ang mga kwalipikadong detenido; tinrabaho ang pagpapalaya ng apat na NDF priority consultants; pinroseso ang kanilang mga travel documents; at nakipag-koordina sa Commission on Human Rights tungkol sa mga kaso ng mga nawawalang tao ng NDF. Kaya lang, ang NDF ay nagpumilit sa pagpapalaya ng 14 priority detainees (lahat sa kanila ay humaharap sa mga kasong kriminal sa iba't-ibang mga korte), bago pa man magsimula ang pormal na negosasyon.

2010	Si Presidente Benigno Aquino III ang naging presidente mula 2010 hanggang 2016. Ilang mga meeting at pag-uusap ay ginanap sa Manila, Norway, at sa Netherlands. Kaya lang, natapos ang termino ni Aquino na hindi nagkaayusan ng tuluyan dahil sa kahilingan ng NDF ng pagpapalaya sa mas maraming political prisoners.
Ika-25 ng Pebrero, 2015	Pinirmahan ni Aquino ang Republic Act No. 10368, o ang Human Rights Victims Reparation and Recognition Act, na nagbibigay reparasyon at pagkilala sa mga biktima ng pang-aabuso sa karapatang pantao sa ilalim ng panahon ni Marcos.
Ika-19 ng Abril, 2016	Inaprubahan ni Aquino ang Republic Act No. 10766, na nagbago ng isang sugnay (clause) sa R.A. No. 10368, o ang Human Rights Victims Reparation and Recognition Act of 2013. Ang amendment ng batas na ito ay nagbibigay sa Human Rights Victims' Claims Board ng taning na hanggang May 12, 2018 para ma-resolba ang lahat ng mga kaso para sa reparasyon at pagkilala, at para mabigyan na ng hustisya ang mga biktima ng pang-aabuso sa panahon ng Martial Law.
Ika-30 ng Hunyo, 2016	Si Rodrigo Duterte ang naging Presidente. Sa kaniyang kampanya, nangako siyang ipapagpatuloy ang mga negosasyong pangkapayapaan.
Ika-25 ng Hulyo, 2016	Sa kaniyang unang State of the Nation Address (SONA), nag-deklara si Duterte ng isang unilateral na tigil-putukan (ceasefire). Kaya lang, binawi niya ito pagkatapos atakihin ng mga NPA ang isang kampo-militar sa Davao del Norte. Ang sabi naman ng NPA ay ang mga tropa ng gobyerno ang dapat sisihin sa paglabag ng tigil-putukan.
	Nagresulta ang usapang pangkapayapaan sa Norway ng Joint Oslo Statement na nagpapahayag ng pangako na ipagpapatuloy ang negosasyong pangkapayapaan upang malutas ang armadong labanan sa pamamagitan ng pagtugon sa mga sanhi nito. Sumang-ayon sila na: (A) Muling balikan at tiyakin ang mga nakaraang kasunduan. (B) Buuing muli (reconstitute) ang JASIG (Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees). (C) Pabilisin ang negosasyong pangkapayapaan at itakda ang timeline upang ipagpatuloy ang isang matibay na adyenda sa mga repormang sosyo-ekonomiko, reporma sa pulitika at konstitusyon, at sa pagtatapos ng labanan at pag-aayos ng mga pwersa. (D) Ang maagang pagpapalaya ng ilang mga bilanggo sa kadahilanang "humanitarian grounds." (E) Inirekomenda kay Pangulong Duterte ang pagpapalabas ng isang Amnesty Proclamation, na sumasailalim sa pagtatalaga ng Kongreso, para sa pagpapalaya ng mga bilanggo sa ilalim ng Revised Penal Code o mga batas na may kaugnayan sa mga krimen na nakatali sa mga paniniwala sa pulitika.
Ika-22 hanggang 26 ng Agosto, 2016	(F) Idedeklara at maglalabas ng isang indefinite and unilateral na tigil-putukan sa NPA at sa milisyang bayan nito.

Ika-8 hanggang 12 ng Oktubre, 2016	Ang mga Peace Talks sa Oslo (Germany) ay nagtatalakay ng mga update sa pagpapalabas ng mga bilanggong pulitikal, pagpapahayag ng amnestiya, at nagmungkahi ng balangkas ng Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER). Sumang-ayon din sila sa isang pangkaraniwang balangkas para sa Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms (CAPCR) at sa isang pangkaraniwang balangkas para sa Comprehensive Agreement on End of Hostilities and Disposition of Forces (CAEHDF). Sa huli, sumang-ayon ang Joint Monitoring Committee na magsagawa ng mga joint activities upang pasulungin at gawing mas popular ang 1998 Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights at International Humanitarian Law (CARHRIHL) at ang mga komite ng tigil-putukan ng Partido ay sumang-ayon na pag-isahin ang mga hiwalay na unilateral na mga utos (order) ng tigil-putukan sa isang solong dokumento sa loob ng 60 araw.
Ika-19 hanggang 25, 2017	Sa 3rd round of formal talks sa Roma, ang GRP at ang NDF ay pumirma ng mga dagdag na patnubay para sa Joint Monitoring Committee (JMC) sa ilalim ng CARHRIHL. Gayunpaman, pinalawak ng NDF ang takdang panahon o timeline para sa isang pinal na kasunduan sa kapayapaan sa 2019, habang kine-kwestyon ang katapatan at sinseridad ng administrasyon ni Duterte.

Case Study: Mindanao Peace Talks with the MNLF and the MILF

DATE	EVENT
1960s	Noong huling bahagi ng dekada 1960, itinatag ang isang independence movement o kilusang pagpapalaya sa Mindanao upang paghiwalayin ang mga lugar na karamihan ay Muslim ang naninirahan mula sa ibang bahagi ng Pilipinas. Ang lugar na iyon ay kikilalanin bilang Bangsamoro (o Muslim Nation).
March 18, 1968	Naganap ang Jabidah Massacre, na nagresulta sa pagkakapatay sa mahigit 60 Muslim na trainees ng military sa Corregidor. Ito ay nagtulak sa ilang mga Moros na umaklas sa Mindanao.
1970	Ang Moro National Liberation Front (MNLF) ay binuo ni Nur Misuari upang ikondena ang Jabidah massacre.
1975	Sinimulan ng administrasyong Marcos ang usapang pangkapayapaan sa MNLF, sa tulong ng Organization of Islamic Conference (OIC).
December 23, 1976	Pinirmahan ang Tripoli Agreement sa pagitan ng administrasyong Marcos at MNLF, na nagpalit ng kanilang kagustuhan mula kalayaan (independence) patungo sa kalayaan sa sariling pagpapasiya (self-determination).

DATE	EVENT
1977	Si Presidente Marcos at ang lehislatura ay nagpasa ng mga batas na pinapayagan ang Regions IX and XII na maging autonomous regions sa taong 1979. Subali't ang solusyong ito ay tinaggihan ng MNLF.
1981	Ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) ay humiwalay sa MNLF dahil sa role o papel ng Islam sa Bangsamoro, at ang pagbuo ng isang Islamic state.
September 5, 1986	Binisita ni Presidente Cory Aquino si Nur Misuari sa kaniyang probinsya ng Sulu para pormal na simulang muli ang negosasyong pangkapayapaan sa MNLF.
January 1987	Pinirmahan ng administrasyong Aquino at ng MNLF ang Jeddah Accord, na sumasang-ayong ipagpatuloy ang pag-uusap sa pagbigay ng full autonomy sa Mindanao, Basilan, Sulu, Tawi-Tawi at Palawan, alinsunod sa mga demokratikong proseso.
August 1989	Pinapayagan ng RA 6734 o ang Organic Act for the Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) si Presidente Aquino na magbuo ng ARMM sa sumunod na Pebrero.
October 2-4, 1992	Ang 1st round of exploratory talks sa MNLF ay ginanap sa Tripoli, Libya.
April 14-16, 1993	Ang 2nd round of talks sa MNLF at ginanap sa Jakarta, Indonesia.
1996	Si Fidel V. Ramos ay nanalo bilang Presidente, kasunod ng mga negosasyon sa MILF.
September 2, 1996	Pumirma si Presidente Fidel Ramos at MNLF Chair Misuari ng Final Peace Agreement. Ang MNLF Chairman na si Nur Misuari ay naging Gobernador ng ARMM.
1997	Ang armadong labanan sa pagitan ng AFP at MILF ay humantong sa paulit-ulit na armadong banggaan at negosasyong pangkapayapaan.
July-September1997	Napirmahan ang Agreement for General Cessation of Hostilities with MILF, kasunod ng mga Administrative Guidelines at pagbuo ng Coordinating Committee on the Cessation of Hostilities (CCCH).
February 6, 1998	Sa Agreement to Sustain the Quest for Peace na pinirmahan sa Marawi City, ang GRP at MILF ay sumang-ayon na: 1) Kumpletong paglipat ng mga pwersa ng GRP sa Buldon, Maguindanao. 2) Agarang resolusyon ng mga isyu sa watersheds na kinasasangkutan ng Upper Minabay-Banganan-Ambal Rivers. 3) Suspensyon sa logging ng Cotabato Timber Company at mga kalapit na konsesyon. 4) Pagbuo ng isang Quick Response Team

DATE	EVENT
August 27, 1998	Pinirmahan ang General Framework Agreement of Intent with MILF.
April 6, 1999	Ang bagong-halal na si Presidente Joseph Estrada ay nagbuo ng Cabinet Supervisory Committee para ipatupad ang 1996 Final Peace Agreement with the MNLF.
October 25, 1999	Ang pag-uusap sa pagitan ng gobyerno at MILF ay nagsimula sa Maguindanao, at nagtakda si Presidente Estrada ng June 2000 bilang deadline para matapos ang mga negosasyong pangkapayapaan.
March 21, 2000	Nagdeklara si Presidente Estrada ng all-out-war laban sa MILF, kung kaya't sila ay kumalas sa negotiating table.
April –June 2000	Nabasag ang tigil-putukan at ang usapang pagkapayapaan ay tumigil nang hindi pumirma ang MILF sa peace accord sa deadline na itinakda ng gobyerno. Inutos ni Presidente Estrada ang military na atakihin ang Camp Abubakar As Siddique sa Maguindanao, ang tahanan ng tinatayang isang milyong displaced na mga tao. Ang MILF ay nag-redeploy, at ang ilang mga mosque ay nasira, at ang pag-unlad ng pagtatag ng kapayapaan sa Mindanao ay bumagal. Pumirma ang MILF unilaterally ng pagtigil ng usapang pangkapayapaan sa Cotabato City.
2001	Pagkatapos maging presidente si Gloria Macapagal-Arroyo, ang gobyerno at ang MILF ay nagsagawa ng mga pag-uusap. Nagbuo ang government peace panel para masimulang muli ang pag-uusap sa MILF, at inutos ang isang tigil-putukan para suportahan ang pagsisimula muli ng mga usapan.
March 2001	Ang mga representante ng dalawang partido ay pumirma sa Agreement of the General Framework for the Resumption of Peace Talks sa Kuala Lumpur, na siyang pinagitnaan ng Malaysia. Sa parehong buwan, pinirmahan ni Pangulong Arroyo ang R.A. 9054 upang palawakin ang ARMM sa mga lugar na itinakwil siya noong 1989. Sa isang plebisito, ang Marawi City sa Lanao del Sur at lalawigan ng Basilan (hindi kasama ang Isabela City) ay sumali sa ARMM.
June 22, 2001	Ang pagpirma ng Tripoli Agreement sa pagitan ng administrasyong Arroyo at MILF ay nagtakda ng malawak na balangkas para sa seguridad at para sa mga negosasyon sa mga usapang pangapayapaan at sa tunggalian. Gayunpaman, nang sumunod na araw, sinalakay ng militar ang MILF sa Basilan dahil sa mga alegasyon na tinutulungan ng mga rebelde ang teroristang grupo ng Abu Sayyaf, na may hawak na Amerikano at Pilipinong hostages.

DATE	EVENT
August 2001	Ang kahilingan ng MNLF na ipagpaliban ang plebisito ng ARMM sa 2003 ay tinanggihan, at ang ARMM (5 lalawigan at 1 lungsod) ay itinatag. Ang kasunduan ng pamahalaan at MILF sa kapayapaan ay nilagdaan sa Putrajaya, Malaysia, na tinatalakay ang pagpapatupad ng mga alituntunin at security aspects ng tigil-putukan. Itinatag ang mga ceasefire monitoring teams ng lokal at OIC. Sa parehong buwan ding iyon, bumoto ang mga mamamayan ng North Cotabato laban sa ARMM.
October 2001	Ang isang joint meeting na pinamunuan ng mga senior leader ng MNLF at MILF ay nag-usap at nagbigay ng mga paraan upang mapabilis ang isang resolusyon para sa mga Bangsamoro sa Mindanao: 1) Pagpapatibay ng pagkakaisa at pakikipagtulungan ng MNLF at MILF. 2) Pagtatasa ng mga isyu na kinakaharap ng mga Bangsamoro at ng kanilang pakikibaka. 3) Patuloy na pag-uusap sa lahat ng natitirang mga isyu.
November 19, 2001	Nagdeklara si Nur Misuari ng giyera sa gobyernong Arroyo dahil sa di-umano'y pagwawalang-bahala sa Final Peace Agreement. Pagkatapos ay sinalakay ng MNLF ang Army headquarters sa Jolo at Zamboanga City, kung saan marami ang namatay, dahilan upang maantala ang halalan sa ARMM.
January 7, 2002	Si Misuari ay naaresto sa Malaysia, at ipina-deport para harapin ang mga kasong rebelyon laban sa kaniya sa Pilipinas.
May 2002	Sa 4th round of formal talks, ang gobyerno at ang MILF ay nagpatupad ng "Guidelines of the Humanitarian, Rehabilitation and Development Aspects of the Tripoli Peace Agreement," na ginagabayan ang rehabilitasyon at pag-unlad ng mga lugar na apektado ng labanan at pagpapatibay ng pagsunod sa international humanitarian law.
February 11, 2003	Ang isang kampanya ng militar malapit sa headquarters ng MILF sa Maguindanao sa pagtatapos ng Hajj ay nakasakit ng loob (offended) sa MILF at iba pang mga Muslim, na siya ding naging mitsa sa labanang tumagal ng isang linggo. Sumang-ayon ang MILF na makipag-ayos kapag umalis ang mga tropa ng pamahalaan.
February 2003	Sinalakay ng AFP ang pinakamalaking base ng MILF sa pagkukunwaring aatakehin nila ang grupong terorista ng US na Pentagon, at ito ay nagresulta sa 400,000 katao na na-displace.
April 2, 2003	Dalawang beses binomba ang Davao City, gamit ang mga granada na itinapon mula sa tatlong mosque. Sinisi ng pamahalaan ang MILF, na itinanggi ang mga paratang.
May 6, 2003	Kinansela ni Presidente Arroyo ang mga usapang pangkapayapaan.

DATE	EVENT
July 2003	Ang pangulo at tagapagtatag ng MILF na si Hashim Salamat ay namatay dahil sa karamdaman, at pinalitan siya ni Al Haj Murad Ebrahim. Si Mohagfer Iqbal ay naging tagapangulo ng MILF Panel. Sa usapang pangkapayapaan sa Kuala Lumpur, ang mga partido ay sumang-ayon sa Mutual Cessation of Hostilities. Ang Abaya Doctrine, o ang mga patnubay ng AFP sa pagkakapanguna (primacy) ng prosesong pangkapayapaan ng GRP-MILF, ay binuo.
September 5, 2003	Mga napag-usapan sa Kuala Lumpur: 1) Unti-unting pagtanggal ng mga tropa ng gobyerno sa Buliok. 2) Pag-deploy ng Third Party Monitoring Team sa Mindanao. 3) Pagbuo ng Ad Hoc Joint Action Group (AHJAG). 4) Isang pangako na isasali ang ancestral domain, at ang mga lupain ng mga katutubo na naninirahan sa loob ng ARMM, sa susunod na agenda.
January 18, 2004	Animnapung (60) peace monitors mula sa Malaysia, Brunei, at Libya ang ipinadala sa Mindanao upang masubaybayan ang limang taon na pansamantalang kasunduan (truce). Nagpadala rin ang Malaysia ng 41 na mga sundalong hindi armado.
December 20, 2004	Ang MILF at ang gobyerno ay bumuo ng mga working groups upang maayos ang Operational Guidelines of the Ad Hoc Joint Action Group. Ang talakayan sa ancestral domain, ang huling tatlong pangunahing mga agenda items, ay nahahati sa apat na mga hibla o "strands": konsepto, teritoryo, mga resources, at pamamahala.
April 16, 2005	Sa 7th round of exploratory talks sa Kuala Lumpur tinapos ang usapin sa ancestral domain, ang pinakamahirap at pinakamasalimuot na isyu.
September 17, 2005	Si Silvestre Afable, ang pangulo ng GRP panel, at si Iqbal ay nag-anunsyo na ang mga Panels ay matagumpay na natapos ang pinakamabigat na balakid sa ancestral domain na adyenda.
February 2006	Nagkaroon ng mga pagsang-ayon, at muling binuksan ang mga usapang pangkapayapaan sa Malaysia. Ang mga negosyador ay nangako ng isang framework para sa isyu ng ancestral domain sa huling bahagi ng Marso.
March 6, 2006	Kinansela ng Malaysia ang mga pag-uusap dahil sa sitwasyong politikal sa Maynila, matapos magdeklara si Arroyo ng isang linggong state of emergency sa Ika-24 ng Pebrero.
May 18-20, 2006	Nabuo ang isang OIC fact-finding mission para suriing muli ang implementasyon at estado ng 1996 Peace Agreement.

DATE	EVENT
September 3, 2006	Muling nagsimula ang pag-uusap mula sa GRP at MILF, pero nagkaroon ng mga kahirapan dahil ang mga partido ay hindi sumang-ayon sa mga lugar na isasailalim sa Bangsamoro Judicial Entity.
July 14, 2007	Ayaw payagan ni Presidente Arroyo ang MILF na magtago sa ilalim ng negotiating table kung sila ang responsable sa pagpugot ng ulo at pagpinsala (mutilation) ng mga Marines sa Basilan.
July 17-19, 2007	Pinayagan si Nur Misuari na lumipad patungong Saudi Arabia, kung saan dumalo siya sa isang meeting ng MNLF, GRP, at OIC sa Saudi Arabia.
July 25, 2007	Muling idiniin ni MILF chairman Al Haj Ibrahim Murad ang kanilang mga kasunduan sa mga usapang pangkapayapaan, kahit na may hindi inaasahang pag-atake sa mga tropa ng gobyerno sa Basilan.
August 21, 2007	Pinostpone ng gobyerno ang usapang pangkapayapaan habang ang mga partido ay dapat na magkita para sa 14th Exploratory Talks sa Kuala Lumpur. Nagbigay ng katiyakan si Presidente Arroyo sa MILF na matutuloy ang mga negosasyon sa Septyembre.
August 26, 2007	Hinimok ng Malaysia ang gobyerno na muling buksan ang usapang pangkapayapaan sa mga rebeldeng Muslim.
October 24, 2007	Sabay na dineklara ng GRP at MILF panel chairs na matagumpay na natapos ang mga usapin sa ancestral domain, na siyang nagtapos ng 13 na buwang hindi pagkakasundo.
November 14-15, 2007	Nag-usap ang gobyerno at MILF para maayos ang border disputes na siyang nagpapabagal sa pagbuo ng isang Muslim homeland at ang pagpirma sa kasunduang pangkapayapaan. Pumayag ang mga partido sa lawak (scope) at sa mga hangganan (boundaries) ng ancestral domain at sinang-ayunan ang lahat ng mga consensus points sa core items ng isyu hinggil sa teritoryo.
December 16, 2007	Huminto ang mga usapang pangkapayaan dahil sa mga isyu sa Saligang Batas tungkol sa pagitan ng dalawang partido. Ang negosasyon sa ancestral domain ay naipit sa isang deadlock.
February 8, 2008	Dineklara ni Presidente Arroyo na ang gobyerno ay malapit na sa isang pinal na kasunduang pangkapayapaan sa MILF sa isang dalawang-araw na Local Peace and Security Assembly.
April 21, 2008	Pinauwi ng Malaysia (isang miyembro ng International Monitoring Team) ang kanilang mga sundalo sa Mindanao. Sinabi ng gobyerno ng Pilipinas na magpapatuloy pa rin ang mga usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at MILF.

DATE	EVENT
April 2008	Pinili ng EC 15 faction ng MNLF si Muslimin Sema bilang chairman, pero ang Misuari faction ng MNLF ay hindi siya kinilala. Pinalaya si Misuari nang magbayad ito ng bail at ang mga kaso laban sa kaniya ay binasura. Ang Department of Justice ay umasa na ang pagbigay ng bail at pagpapalaya kay Misuari ang magbibigay daan para muling matuloy ang mga usapang pangkapayapaan sa MILF.
May 2008	Sinabi ng gobyerno ng Malaysia na hindi nila aabandunahin ang kanilang papel bilang mediator sa usapang pangkapayapaan, kahit na pinaalis nila ang kanilang mga ceasefire monitors sa Mindanao. Nangako ang mga British experts na tutulong sila na muling masimulan ang mga nahintong negosasyon.
July 9, 2008	Isang informal emergency meeting ay naganap sa pagitan ng GRP at MILF para mapababa ang tensyon. Nagreklamo ang MILF sa pag- deploy ng mga tropa malapit sa kanilang mga base, at sinabi nilang ito ay senyales ng isang malinaw na paglabag sa ceasefire agreement.
July 2008	Sa Kuala Lumpur naabot ang isang kasunduan sa ancestral domain ng ilang Muslim na komunidad. Ang Memorandum of Agreement on Ancestral Domain (MOA-AD) ay sinimulan, kasama na ang paglunsad ng referendum sa 700 na baryo sa Mindanao sa loob ng 12 na buwan kung gusto nilang sumali sa Muslim homeland. Ang isang pormal na kasunduang pangkapayapaan ay naka-schedule na matapos sa Nobyembre 2009.
August 2008	Nakaranas ang kasunduan ng ilang mga balakid: Hiniling sa Korte Suprema ng ilang lokal na opisyales mula North Cotabato na pigilin ang pagpirma ng kasunduan mula GRP at MILF. Nagpalabas ang Korte Suprema ng isang temporary restraining order (TRO) na pumipigil sa pagpirma ng MOA-AD na naka-schedule sa August 5 sa Malaysia, at sa wakas ay itinuturing na labag sa Saligang-Batas (unconstitutional). Nagkaroon ng mga 600,000-750,000 na taong napaalis (displaced) dahil sa mga armadong tunggalian. Nagsampa ng petisyon sila Senador Mar Roxas at dating Senador Franklin Drilon sa Korte Suprema upang pigilan ang gobyerno sa pagtatapos ng kasunduan sa MOA.
October 14, 2008	Tuluyang dineklara ng Korte Suprema na ang MOA-AD ay unconstitutional at iligal.
September 15, 2009	Napirmahan ang Framework Agreement on the Formation of International Contact Group for the GRP-MILF Peace Process.
October 27, 2009	Sumang-ayon ang mga partido na magtayo ng Civilian Protection Component sa mga pag-uusap.
November 2009	Nangyari ang Maguindanao massacre kaugnay ng eleksyon noong May 2010, at nag-iwan ito ng 57-kataong patay.

DATE	EVENT
August 2010	Pag-uusap sa pagitan ni Presidente Aquino at sa Chairman ng MILF ay nangyari malapit sa Tokyo.
January 2011	Ang unang informal na meeting sa pagitan ng gobyerno at MILF.
February 9, 2011	Simula ng pangalawang exploratory talks at pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at MILF. Ang MILF panel ay nagsumite ng draft Comprehensive Compact.
April 27-28, 2011	Nagsimula ang 21st Exploratory Talks sa pagitan ng mga partido.
August 4, 2011	Nag-usap sila Presidente Aquino at MILF chairman Ebrahim sa Japan para ipakita ng gobyerno ang kaniyang sinseridad at upang mapabilis ang negosasyong pangkapayapaan.
August 22, 2011	Nagsumite ang government panel ng three-for-one proposal sa MILF, na nangangako na: (1) malawakang paghatid ng batayang mga serbisyo at pang-ekonomiyang pag-unlad; (2) isang pampulitikang kasunduan sa MILF; at (3) kultural at makasaysayang pagkilala (historical acknowledgement).
November 3, 2011	Nagkita ang gobyerno at MILF para sa isang informal executive session sa Kuala Lumpur, Malaysia upang matugunan ang labanang pumutok sa Basilan at Zamboanga.
January, February & March 2012	Naganap ang 24th hanggang sa 26th exploratory talks sa pagitan ng gobyerno at MILF.
April 24, 2012	Nagsimula ang 27th exploratory talks, at napirmahan ang Decision Points on Principles as of April 2012, at nilatag rin ang mga karaniwang paninindigan (common standpoints) sa pagitan ng mga partido.
May 28-30, 2012	Sumang-ayon ang gobyerno at MILF na pinuhin ang kanilang mga posisyon sa substantive agenda, kasama na ang mga isyu sa wealth-sharing, power-sharing, governance, transition roadmap, at normalization para sa bagong political entity na papalit sa ARMM.
August 8-11, 2012	Na-resolba ang mga isyu sa power-sharing at wealth-sharing.
September 5-8, 2012	Ang 31st round of exploratory talks ay namagitan sa gobyerno at MILF.
October 2-7, 2012	Ang 32nd round of exploratory talks sa pagitan ng gobyerno at MILF ay nagresulta sa Framework Agreement on the Bangsamoro (FAB).
October 15, 2012	Pinirmahan ng gobyerno at MILF ang kasunduang FAB sa Malacañang Palace.

DATE	EVENT
November 12-17, 2012	Binuo ng mga partido ang Technical Working Group on Normalization.
November 15-17, 2012	Ang 39th Conference of Foreign Ministers ay naganap sa Djibouti. Inimbitahan ang gobyerno, MILF at ang gobyerno ng Malaysia para pahusayin ang FAB sa pamamagitan ng pagkabit nito sa mga usapang pangkapayapaan noong 1976 at 1996.
December 7, 2012	Itinalaga si University of the Philippines Professor Miriam Coronel-Ferrer bilang bagong Chair ng Negotiating Panel ng GRP.
December 17, 2012	Pinalabas ni Pangulong Aquino ang EO 120 tungkol sa pagbuo ng Bangsamoro Transition Commission (BTC) para masimulan nilang sulatin ang Bangsamoro Basic Law (BBL).
January 21-25, 2013	Dahil sa walang armadong labanan na naganap (zero skirmish record) sa pagitan ng gobyerno at MILF sa taong 2012, ang 35th exploratory talks ay nasimulan. Ang mga partido ay pumirma sa Terms of Reference para sa Third Party Monitoring Team to Assess, Evaluate and Monitor the Implementation of the FAB and its Annexes.
February 11, 2013	Si Aquino at Ebrahim ng MILF ay sabay na naglabas ng Sajahatra Bangsamoro Program sa Bangsamoro Leadership and Management Institute sa Maguindanao.
February 25-27, 2013	Nagsimula ang 36th exploratory talks, at pumirma ang parehong partido sa Annex on Transitional Arrangements and Modalities, na siyang nag-detalye sa road map tungo sa pagbuo ng Bangsamoro.
February 2013	Ang isang armadong grupo (Royal Sulu Army) ay nakipag-sagupaan sa mga security forces ng Malaysia sa Sabah, Malaysia.
May 2013	Naganap ang national at local elections, kung saan nahalal si Benigno Aquino III bilang Presidente.
July 12, 2013	Napirmahan ang Annex on Revenue Generation and Wealth-Sharing to the FAB.
September 2013	Umaklas ang MNLF Misuari faction laban sa AFP sa Zamboanga City. Ang labanan ay kumalat sa Basilan Island, kung saan nagkaroon ng higit-200 na patay, at higit 110,000-katao ang naging internally displaced.
October 13, 2013	Sa 41st exploratory talks sa Kuala Lumpur, pinag-usapan ng mga partido ang mga huling naiwan na annexes on power-sharing and normalization.
December 8, 2013	Napirmahan ang Annex on Power-Sharing to the FAB sa pagitan ng administrasyong Aquino at MILF.

DATE	EVENT
January 22-26, 2014	Muling nasimulan ang 43rd round of peace talks sa MILF sa Malaysia, kung saan pinag-usapan kung ano ang gagawin sa mga baril at firearms, at kung ano ang mangyayari sa mga taong susuko. Napirmahan ang Annex on Normalization to the Bangsamoro at ang Addendum on Bangsamoro Waters (ang mga huling annexes sa FAB), at kasama na rin ang pagbuo ng Transitional Justice and Reconciliation Commission (TJRC).
March 22, 2014	Isina-pinal na ang Terms of Reference para sa Joint Normalization Committee, Independent Decommissioning Body, at Transitional Justice and Reconciliation Commission (TJRC).
March 27, 2014	Isang komprehensibong usapang pangkapayapaan, ang Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (CAB), ay napirmahan matapos ang dalawang dekada ng negosasyon.
April 2014	Gumawa ang Bangsamoro Transition Commission (BTC) ng Bangsamoro Basic Law (BBL) na siyang papalit sa ARMM sa pamamagitan ng isang panibagong Bangsamoro Autonomous Region, at ang pagsasabatas ng Comprehensive Agreement on the Bangsamoro.
June 24, 2014	Sila Presidente Aquino at MILF Chairman Murad Ibrahim ay parehong inimbitahan sa isang peace conference sa Hiroshima, Japan, kung saan sila ay nagkaroon na rin ng biglaang meeting.
July 2014	Pinag-usapan ng mga panels ng gobyerno at MILF ang kani-kanilang mga alalahanin hinggil sa panukalang BBL sa Kuala Lumpur, na di-umano'y nagwakas sa isang positive note. Nanawagan si Presidente Aquino ng pang-unawa sa mabagal na pag-draft ng BBL.
August 20, 2014	Binigay ni Mohagher Iqbal, ang chief peace negotiator ng MILF at pangulo ng BTC, kay Presidente Aquino ang final draft ng BBL.
September 2014	Makalipas ang ilang buwan ng pagkakaantala, pinasa ni Presidente Aquino ang panukalang BBL sa kay Senate President Drilon at kay House Speaker Belmonte. Nagsagawa ang Sendado ng kaniyang unang pagdinig at ang House ad hoc committee ay nagsagawa ng kaniyang unang public hearing sa panukalang batas.
September 27, 2014	Pinag-usapan ng mga miyembro ng mga peace panels mula sa GRP at MILF ang disarmament process sa Kuala Lumpur.
January 21, 2015	Isinagawa ng ad hoc committee ang 36th at huling public hearing tungkol sa BBL.

DATE	EVENT
January 25, 2015	Nangyari ang Mamasapano incident, na nagresulta sa mahihgit na 60-katao ang namatay, kasama ang 44 PNP Special Action Forces (SAF), na siyang naging malaking balakid sa negosasyong pangkapayapaan. Bilang confidence-building measure, ang AFP at MILF ay nagsimula ng mga operasyon laban sa isang armadong grupo na kilala bilang Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) at sa Abu Sayyaf Group (ASG).
January 27, 2015	Hinimok ng MILF ang mga mambabatas na huwag na magpatagal sa mga deliberasyon sa BBL.
January 29, 2015	Certification (pagbabago ng mandato ng International Monitoring Team) at protocols sa implementasyon ng Terms of Reference ng Independent Decommissioning Body - ito ang naging pundasyon sa pagtanggal ng armas at pag-decomission ng mga rebelde.
February 25, 2015	Pinag-utos sa AFP ang isang all-out war laban sa BIFF.
March 2015	June 30 ang taning ng Kongreso bilang panibagong deadline para ipasa ang BBL. Ang Pulse Asia ay naglabas ng survey na ipinapakitang 62% ng mga taga-Mindanao ay ayaw makitang ang BBL ay maging batas. Sa buong bansa, 44% ay tutol sa pagsasabatas nito. Binuo ni Pangulong Aquino ang Citizens' Council para tulungan ang publiko na maintindihan ang BBL.
April 2015	Namatay ang leader ng BIFF na si Ameril Umbra Kato.
May 2015	Inaprubahan ng House ad hoc committee ang Basic Law for the Bangsamoro Autonomous Region (BLBAR, HB5811), ang substitute bill sa BBL na isusumite sa plenaryo sa House of Representatives.
August 2015	Inaprubahan ng Senate Committee on Local Government ang substitute BBL bill, at siyang isusumite sa plenary sa Senado.
September 2015	Umapela ang MILF sa Kongreso na ipasa ang orihinal na draft BBL.
January 2017	Hindi pa rin naipasa ng Kongreso ang BBL, na siyang naging balakid sa proseso ng negosasyong pangkapayapaan. Subalit binuo niya muli (reconstituted) ang BTC at pinangalanan na ang mga miyembro nito.